

Pinasimulan ng Relief Society ang Gospel Literacy Effort para magturo ng basic literacy skills sa mga miyembro ng Simbahan na hindi marunong bumasa o sumulat.






ELAINE L. JACK
**1990**

**1992**

Ika-150 anibersaryo ng Relief Society.

*Hiniling ni Relief Society General President Elaine L. Jack sa mga Relief Society sa buong mundo na magdiwang sa pamamagitan ng pagseserbisyo sa komunidad at iba pang mga proyekto.*



LARAWANG KUHA NI JASON SWENSEN, *DESERET NEWS*



MARY ELLEN W. SMOOT
**1997**

Nakakolekta ang Relief Society ng 350,000 quilt sa pagtugon sa pangangailangan na 30,000 quilt para sa mga Kosovo refugee.

**1999**

Nagsalita si General President Mary Ellen W. Smoot sa ikalawang World Congress of Families, sa Rome, Italy.



LARAWAN NI MARY ELLEN SMOOT NA KUHA NI STUART JOHNSON, *DESERET NEWS*



BONNIE D. PARKIN
**2002**




**2004**

Unang pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno para sa mga auxiliary ng kababaihan.



JULIE B. BECK
**2007**

Ibinalita ng General President na si Julie B. Beck ang bagong release na kasaysayan ng Relief Society sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2010.





**2010**

"Ang pag-aaral at pagsasabuhay ng kasaysayan ng Relief Society ay nagbibigay ng paliwanag at pahayag kung sino tayo bilang mga . . . alagad ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo."[12] —Julie B. Beck

**2011**

Inilabas ng Simbahan ang Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society.



LINDA K. BURTON
**2012**

Inanyayahan ni General President Linda K. Burton ang mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo na tumulong sa mga refugee (tingnan sa IWasAStranger.lds.org).



**2016**

**2017**

Ika-175 anibersaryo ng Relief Society.





**2020**

*Para sa iba pang kasaysayan tungkol sa Relief Society, magpunta sa history.lds.org/women.*

# Ngayon,

sa pamumuno ng matatapat na kababaihan ng Relief Society sa nakalipas na 175 taon, tinutulungan ng mga Relief Society sa buong mundo ang mga nangangailangan. Halimbawa, ginusto ng mga lider ng Relief Society sa Caracas, Venezuela, na makahanap ng mga paraan para makapaglingkod ang kababaihan. Dinalaw nila ang isang pasilidad para sa matatanda at inihatid sila sa isang silid ng kababaihang nakahiga nang pabaluktot sa sahig at walang damit. Napaiyak ang kababaihan ng Relief Society nang kanilang paliguan, bihisan, at pakainin at gupitan ng buhok ang mga ito.

*Sister Stephens:* Ang pag-unawa sa ating tadhana ay matatagpuan sa mga sagot sa dalawang tanong: (1) Alam ba ninyo kung sino kayo? (2) Alam ba ninyo kung ano ang mayroon kayo? Kung naunawaan natin kung ano ang mayroon tayo, mauunawaan natin na nasa atin ang lahat ng kailangan natin. Sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan na ginagawa natin sa templo, nasa atin ang mga pagpapala, kapangyarihan, at awtoridad ng lahat ng bagay na nauukol sa priesthood. Hindi tayo inorden. Hindi natin alam kung bakit. Ang maorden sa priesthood mula sa ama patungo sa anak ay orden na ng Diyos noon pa mang panahon nina Adan at Eva.

*Sister Reeves:* Pinatototohanan ko na nauunawaan ng kababaihang tumutupad ng tipan na ibinigay na sa atin ng ating Ama ang lahat ng kailangan natin para makabalik sa Kanyang kinaroroonan sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga tipan.

**8. Ano ang pinakamahalagang bagay na gusto mong tandaan ng kababaihan ng Relief Society?**

*Sister Burton:* Sa Doktrina at mga Tipan 45:3 sabi roon: "Makinig sa kanya na siyang tagapamagitan sa Ama, na siyang nagsusumamo sa inyong kapakanan sa harapan niya."

"Kaya nga, Ama, iligtas ang mga kapatid kong ito na naniniwala sa aking pangalan, upang sila ay makaparito sa akin at magkaroon ng buhay na walang hanggan" (talata 5). Gustung-gusto ko ang pagmamalasakit ni Cristo sa atin. Isinasamo Niya ang ating kapakanan dahil mahal Niya tayo! Nais Niya tayong lumapit sa Kanya! Mahalin at palakasin natin ang ating pananampalataya kay Jesucristo at sa ating Ama sa Langit.

Bilang pinagtipanang mga anak na babae ng Diyos na nakakalat sa balat ng lupa ngayon, tayo ay nasasandatahan ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos nang may dakilang kaluwalhatian. Habang inaalala ang ating layunin, nagagalak tayo sa at tumutupad ng ating mga tipan, ituturing tayong "natatangi at kakaiba—sa masayang paraan—mula sa kababaihan ng mundo," at makakatulong tayong ihanda ang mundo sa pagbabalik ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. ■

*Ang interbyung ito ay isinagawa ni LaRene Porter Gaunt, Mga Magasin ng Simbahan. Impormasyon sa time line at sidebar ni Kate Holbrook, Church History Department.*




**MGA TALA**

1. Emma Smith, sa Relief Society Minute Book, Mar. 17, 1842, 13, Church History Library, Salt Lake City.
2. Joseph Smith, sa Relief Society Minute Book, Hunyo 9, 1842, 63.
3. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.1.1.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 266.
5. Russell M. Nelson, "Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito," *Liahona,* Okt. 2016, 49.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo: Spencer W. Kimball*, 266.
7. Tingnan sa Jill Mulvay Derr, Janath Russell Cannon, Maureen Ursenbach Beecher, *Women of Covenant: The Story of Relief Society* (1992), 138.
8. Zina D. H. Young, "First General Conference of the Relief Society," *Women's Exponent,* Abr. 15, 1889, 172.
9. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 96, 97.
10. *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (buklet, 2009), 3.
11. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
12. Julie B. Beck, "'Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian': Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society," *Liahona,* Nov. 2010, 114.


**LAYUNIN NG RELIEF SOCIETY**

Tumutulong ang Relief Society sa paghahanda ng kababaihan para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan kapag

- pinalalakas nila ang kanilang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala;
- pinatatatag nila ang mga indibiduwal, pamilya, at tahanan sa pamamagitan ng ordenansa at tipan; at
- nagkakaisa sila sa pagtulong sa mga nangangailangan.